

Republika ng Pilipinas

BARANGAY PANSOL

Herminigildo I. Flores Hall

Tel.: 434-8604

E-mail Add: pansolqc@yahoo.com

Website: www,barangaypansol-qc.com

ORDINANSA NG BARANGAY 009. S-2008

ISANG ORDINANSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG ANYO NG DISKRIMINASYON SA BARANGAY PANSOL, LUNGSOD NG QUEZON BATAY SA ORYENTASYONG SEKSUAL (*SEXUAL ORIENTATION*) AT PAGKAKAKILANLANG PANGKASARIAN (*GENDER IDENTITY*), AT ANG PAGPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

Inihain ni: KAGAWAD JOVEN R. LAURORA
Tagapangulo, Committee on Gender and Development
Tagapangulo, Committee on Appropriations and Ways and Means
Tagapangulo, Committee on Family, Women, Children, Physically
challenged Persons and Senior Citizens

KUNG SAAN, sa Artikulo XIII, Seksyon 1 (a) ng Saligang Batas 1987 ay isinasaad na ang pagpapatupad ng mga hakbang upang proteksyunan at pag-ibayuhin ang karapatan ng mga tao na magtamasa ng dignidad, pawiin ang hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan, ekonomiya, at politika, at alisin ang hindi pagkakapantay-pantay sa kultura ay pagtutuunan ng pinakamataas na pagpapahalaga;

KUNG SAAN, sa Artikulo II, Seksyon 11 ng Saligang Batas 1987 ay nakasaad na “pinahahalagahan ng Estado ang dignidad ng bawat tao at ginagarantiyahan nito ang ganap na paggalang sa mga karapatang pantao;

KUNG SAAN, ang Pilipinas ay isang estado na kabilang sa ilang pandaigdigang kasunduan tulad ng Pandaigdig na Pagpapahayag ng mga Karapatan ng Tao (Universal Declaration of Human Rights), Internasyunal na Kapulungan sa mga Karapatang Sibil at Pampulitika (International Convention on Civil and Political Rights), at ang Internasyunal na Tipan sa mga Karapatang Pang-Ekonomiya, Sosyal at Pang-Kultura (International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights), na naglalayong tanggalin ang lahat ng anyo ng diskriminasyon at pang-aabuso;

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
 Fueling Community Growth.

KUNG SAAN, bilang mga mamamayan na namumuhay sa isang demokratikong lipunan, ang mga lesbyana, *gay*, *bisexual*, *transsexual*, at *transvestite* ay nararapat na pagkalooban ng pantay na pagtamasa at oportunidad sa lahat ng larangan ng pagsisikap at karampatang pamamahagi ng mga benepisyong panlipunan at pangkabuhayan sa pamamagitan ng pagsusulong ng kanilang karapatang mamuhay ng malaya sa mapinsalang paghusga, pagtrato, pagtingin at diskriminasyon;

KUNG SAAN, ang pagsusulong at pagpapatibay ng kanilang mga karapatan ay hindi lamang magsisilbing paghusayin ang kanilang kalayaan, kapakanan, at dignidad bilang tao, ito rin ay magpapatibay ng katarungang panlipunan sa kabuuan at makatutulong sa pagbuo ng kultura na kumikilala sa mga karapatang pantao sa bansa;

KUNG SAAN, ang Barangay Pansol ay itinanghal bilang Pinakamahusay na Barangay sa Gender and Development Practice sa Lungsod ng Quezon dahil sa pagpapatupad ng maigting na layunin nitong maging isang makatarungang komunidad;

SAMAKATUWID, ITINATAKDA NG KONSEHO NG BARANGAY PANSOL SA PAGPUPULONG NITO:

SEKSYON 1. MAIKLING PAMAGAT – Ang Ordinansang ito ay kikilalanin bilang “Ordinansa Laban sa Diskriminasyon ng **Barangay Pansol, Lungsod ng Quezon**”.

SEKSYON 2. DEKLARASYON NG PATAKARAN – Idinideklara bilang patakaran ng **Barangay Pansol** na isulong ang pagkakapantay-pantay at maliksing pagpuksa sa lahat ng anyo ng diskriminasyon na lumalabag sa pantay na proteksyon ng mga Karapatang Pantao ayon sa Katipunan ng mga Karapatan, sa mga nilagdaang kasunduan sa mga pandaigdigang kapulungan, pananagutan, at iba pang umiiral na batas, partikular sa mga gawaing nakasaad dito.

SEKSYON 3. DEPINISYON NG KATAWAGAN. - Para sa mga layunin ng ordinansang ito, ang mga sumusunod na mga salita ay nililina sa paraang sumusunod:

Ang **Oryentasyong Sekswal** ay tumutukoy sa sekswal na atraksyong emosyonal o kondukta. Ang damdaming ito ay maaaring nakatuon sa mga taong may kaparis na *sex* (oryentasyong *homosexual*), sa mga tao ng dalawang *sex* (oryentasyong *bisexual*) o sa mga tao na may ibang *sex* (oryentasyong *heterosexual*)

Ang **Pagkakakilanlang Pangkasarian** ay nangangahulugan ng personal na pagdedesisyon kung paano kikilalanin, halimbawa, sa pananamit, inklinasyon, at pagkilos kaugnay ng mga kumbensyong panlalaki o pambabae. Ang isang tao ay maaaring maging babae o lalaki kahit na siya ay may itsura o mga katangiang *physiological* ng kabilang *sex*, gaya ng mga *transsexual* at *transvestites*.

Ang **Diskriminasyon** ay ipapakahulugan bilang anumang pag-iiba-iba, pang-iinsulto, pag-e-etsapwera (*exclusion*), pananakot, paglilimita, o pagtatangi (*preference*) gayon din ang pagdudulot ng kapahamakan

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

(*labeling*), na nababatay sa anumang dahilan na gaya ng *sex*, oryentasyong sekswal, pagkakakilanlang pangkasarian -- aktwal man o inaakala, na naglalayon o nauwi sa pambabale-wala o pagsira sa pagkilala, pagtatamasa, o pagpapatupad ng pagkakapantay-pantay ng lahat ng tao ng pantay na karapatan at kalayaan.

SEKSYON 4. IPINAGBABAWAL NA MGA GAWAIN – Ipinagbabawal ang diskriminasyon laban sa sinumang tao at/o grupo batay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian. Labag sa batas na ang sinumang tao, natural o *juridical* man, ay:

- a.) Magkabit ng *access* sa serbisyo publiko, sa sinuman dahil sa oryentasyong sekswal at/o pagkakakilanlang pangkasarian;
- b.) Ibilang ang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian sa mga pamantayan sa pagtanggap sa trabaho, promosyon at pagtanggap sa trabaho, at sa pagtatakda ng sahod, treyning, insentibo, pribilehiyo, benepisyo o *allowances*, at sa iba pang tuntunin at kondisyon sa pagtatrabaho;
- c.) Tanggihan o patalsikin ang isang tao mula sa mga institusyong edukasyonal batay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian, nang hindi naman isinasantabi ang karapatan ng mga institusyong edukasyonal na alamin ang kwalipikasyong akademiko ng kanilang mga estudyante;
- d.) Ipagbawal o bawiin ang akreditasyon, pormal na pagkilala, at/o rehistrasyon ng anumang organisasyon, grupo o establisimyento, sa mga institusyong edukasyonal, pook-trabaho, komunidad, at iba pang kaparis na lugar, nang batay lamang sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng kanilang mga myembro o *target constituencies*;
- e.) Ipagkait sa isang tao ang *access* sa serbisyonang medikal at iba pang serbisyonang pangkalusugan na bukas para sa pangkalahatang publiko, nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng nasabing tao;
- f.) Tanggihan ang aplikasyon para sa o kanselahin ang propesyonal na lisensya na ipinagkaloob ng gobyerno nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng aplikante;
- g.) Ipagkait sa isang tao, batay sa kanyang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian, ang *access* sa o paggamit ng mga establisimyento, pasilidad, *utilities* o mga serbisyo, kabilang ang pabahay, na bukas sa pangkalahatang publiko; May pagkakait din kung ang isang tao ay binibigyan ng mababang klaseng akomodasyon o serbisyo;
- h.) Tanggihan ang aplikasyon para sa lisensya, *clearance*, sertipikasyon o anumang dokumentong ipinagkaloob ng awtoridad o kinatawan ng gobyerno nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng aplikante, ayon sa mga umiiral na batas;
- i.) Ipailalim ang sinuman sa anumang eksaminasyong medikal o sikolohikal upang alamin at/o

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

- baguhin ang oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian ng isang tao, nang walang malinaw na pagsang-ayon ng taong iyon;
- j.) Itakwil o tuksuhin ang sinuman nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian;
- k.) Saktan ang sinuman nang dahil sa oryentasyong sekswal o pagkakakilanlang pangkasarian;
- l.) Lahat ng iba pang may kaparis na sirkumstansya.

SEKSYON 5. MGA PARUSA – Anumang paglabag sa mga probisyon ng ordinansang ito ay mumultahan ng **Tatlong Daang Piso (P300.00)** kada paglabag sa bawat probisyon ng ordinansang ito.

SEKSYON 6. SEPARABILITY - Kung may probisyon sa Ordinansa na ito na mapapatunayang labag sa Saligang Batas, o kung sa iba pang paraan ay mapapawalambisa, mananatili pa rin ang bisa ng iba pang probisyon.

SEKSYON 7. PAGKAKABISA - Ang Ordinansa na ito ay magkakabisa matapos aprubahan.

PINAGTIBAY: Nobyembre 8, 2008

DOMINIC P. FLORES
Punong Barangay at
Tagapangasiwa ng Pulong

ARSENIO D. ARINGINO
Kagawad

JOVEN R. LAURORA
Kagawad

ROMMEL P. ASUNCION
Kagawad

JULIA A. INCIONG
Kagawad

CAMILLA ENAJE-IBAÑEZ
Kagawad

EMILIO H. PEREZ
Kagawad

GUILLERMO C. DIZON
Kagawad

JERRY MAR R. YBAÑEZ
SK Chairman

Pinatunayan ni:

ELIZABETH P. DE LEON
Kalihim ng Konseho ng Barangay

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.



Building Community Strength.
Fueling Community Growth.